

# Lower Mainland Down Syndrome Society New Parent Package

**Pakete para sa magulang ng sanggol na may *Down Syndrome***



**Impormasyon, suporta, at mga mapagkukunan**

## Talaan ng Nilalaman

Pahina 3.....	Minamahal na Bagong Magulang
Pahina 4.....	Ang Kuwento ng Bagong Magulang
Pahina 6.....	Maligayang Pagdating sa Olanda
Pahina 8.....	Mga Impormasyon Tungkol sa <i>Down Syndrome</i>
Pahina 10.....	Mga Isyu ng Kalusugan at <i>Down Syndrome</i>
Pahina 11.....	Ang "Mga Kailangang Gawin: Listahan ng Mga Bagong Magulang
Pahina 12.....	Ang <i>Lower Mainland Down Syndrome Society</i>
Pahina 14.....	Iba Pang Mga Organisasyon Gaya ng LMDSS
Pahina 17.....	Mga Programa
Pahina 20.....	Mga Pagsasa-alang-alang na Pinansyal
Pahina 21.....	<i>Resource Guide</i> - Kapanganakan Hanggang as Isang Taong Gulang

---

Ang aming pakete para sa bagong magulang ay nagbibigay ng makatutulong na impormasyon at mapagkukunan tungkol sa Down Syndrome para sa mga pamilya at mga propesyonal na tumutulong sa mga pamilya.

The Lower Mainland Down Syndrome Society  
#481-13320 -78<sup>th</sup> Ave  
Surrey, BC  
V3W 0H6

[www.lmdss.com](http://www.lmdss.com)

<http://www.facebook.com/pages/Lower-Mainland-Down-Syndrome-Society/331362230986>

Ph: 604-591-2722

Fax: 604-591-2730

Email: [info@lmdss.com](mailto:info@lmdss.com)

Ang LMDSS ay may impormasyon tungkol sa Down Syndrome sa higit na 20 wika. Kung kayo ay nagsasalita ng ibang wika, o kung ang Inggles ay hindi ang iyong unang wika, pakiusap lang na makipag-ugnay sa LMDSS para sa karagdagang mapagkukunan.

Minamahal na Magulang,

Binabati namin kayo sa pagsilang ng inyong bagong sanggol!

Ang pag-silang ng bata sa mundo ay magiting, pambihira, hindi malilimutan at nagbibigay pabuya. Ang bawat magulang at pamilya ay natatangi at may maraming makakaibang paraan upang ipagdiwang ito.

Ang maging isang bagong magulang ay nagsasangkot ng pagtanggap, pag-ibig, pagtitiyaga, at suporta na hindi lamang mula sa iyo, kundi pati na rin sa mga kapamilya, kaibigan, at komunidad.

Ang marinig na ang iyong sanggol ay may *Down Syndrome* ay maaaring makagulat at makapukaw ng maraming positibo at negatibong saloobin at damdamin. Okay lang ito. Ito ay normal. Maari kayong makaramdam ng takot, galit, pagka-balisa, pagka-bigo, pag-aalala, malito, at iba pa. Ang pagkilala at pagtanggap ng mga damdaming ito ay mahalaga. Mahalaga din ang makakuha ng kaalaman at impormasyon tungkol sa iyong sanggol at tungkol din sa *Down Syndrome*.

Ang *Down Syndrome* ay nagaganap sa panahon ng paglilihi: habang ang lahat ng mga kromosoma ay dapat dumoble, nangreresulta ang *Down Syndrome* kapag ang kromosoma 21 ay nag-uulit ng tatlong beses. Bagaman ang bilang ng sanggol na may *Down Syndrome* ay tumataas kapag may edad na and ina, karamihan ng mga ito ay isinisilang ng mga ina na hindi pa umaabot sa edad na 35. Ang mga taong may *Down Syndrome* ay may ilang pag-aantala na pisikal, intelektwal, at pag-unlad. Ang mga maaaring pisikal na katangian ay ang kakaibang pagkasingkit ng mata, isang guhit lamang sa kanilang mga palad, mahinang tono ng kalamnan, pandak, at maliliit ang pagmumukha. Sila ay maaaring may mga isyung medikal at karamihan ng mga ito ay maaalagaan o mapapagaling. Kahit na ang anak ninyo ay may *Down Syndrome*, gaya ng lahat ng mga bata, siya ay natatangi at kakaiba sa mga bata na mayroon o walang *Down Syndrome*.

Ang buklet na ito ay idinisenyo para sa mga bagong magulang ng mga batang may *Down Syndrome*. Ito ay upang magbigay ng impormasyon, suporta, mga kontak, at mga mapagkukunan (*resources*). Ang bawat magulang ay nangangailangan ng iba't ibang mga impormasyon at mapagkukunan. Kami, sa *Lower Mainland Down Syndrome Society*, ay umaasa na ang buklet na ito ay magbibigay ng ilang mga benepisyo sa mga bagong pamilya.

Muli, binabati ko kayo sa pinakabagong karagdagan sa iyong pamilya.

Ang *Lower Mainland Down Syndrome Society*

## Ang Kuwento ng Bagong Magulang

**Ang kanyang mukha ay hindi lang gaya ng kanyang ina na hugis puso**

**Ang aming sanggol ay may *Down Syndrome* ngunit nababawasan ang aking kalungkutan habang hawak ko ang kanyang mabilog na kamay.**

Sulat ni SUE ROBINS

Isinilang ko ang aking anak na lalaki na napakaganda. Siya ay bunga ng aming ikalawang pag-a-asawa, patunay na ang mga taong nasaktan sa unang pag-a-asawa ay mapapagaling din. Naging simbolo siya ng pag-asa at galak. Siya ay bunga ng aming pagmamahalan.

Ang kanyang kapanganakan ay lahat na gusto ko. Walang mga interbensyon, walang mga gamot, isang sanggol na ipinanganak sa natural na paraan. Nakilala niya ang kanyang mga magulang pagkatapos lamang ng ilang pag-iiri. Kahit na sa mga huling yugto ng pag-papanganak, si Mike at ako ay tuwang-tuwa sa pagitan ng bawat pag-urong. "Paparating na ang sanggol," patuloy na sinasabi ni Mike, at ngumisi ako at tumango at hinalikan ko ang aking mahal bago ako muling nakaramdam ng isa pang alon ng sakit sa pag-urong ng sanggol.

Inuwi namin ang sanggol pagkalipas ng 10 oras, at siya ay manilaw-nilaw ng kaunti. Siya ay tahimik at antukin na sanggol na may makapal na buhok sa ulo niya. Ang kanyang bilog na mukha ay kagaya ng mukha ko at ang kanyang mga kilay ay kulay ginto. Tuwang-tuwa kami sa kanya. Siya ay aming pinakamamahal na anak. Ako at ang kanyang ama ay nakaramdam ng lubos na pag-mamahal para sa kanya.

Tapos dumating ang madidilim na ulap. Pagkatapos ng kanyang pangalawang linggong check-up sa klinika, nag-atubilin ang doktor. Halata ko na may gusto siyang sabihin.

Sabi niya "Na-aalala mo pa ba ang napag-usapan natin tungkol sa *prenatal testing*?"

"Oo" ang tugon ko. Tinanggihan ko ang *prenatal testing*. Alam kong dadalhin ko ang aking sanggol sa termino kahit ano pa man.

Tinignan ko siya nang direktso, at huminga ako ng malalim. "Sinusubukan mo bang sabihin sa akin na ang aming sanggol ay may *Down Syndrome*?"

Ang mag-gunita ay madali. Hindi ko makalimutan ang araw na sumunod sa kapanganakan ni Aaron. Magdamag kong tinignan at pinag-aralan ang aking

anak bago ko tinayp ang *Down Syndrome* sa *search engine* na Google. Kinausap ko si Mike tungkol dito at pabiro nyang pinagalitan ako at sinabi niya na ako ay nagiging paranoyd. Yung araw din na yon finanong ko ang *Public Nurse* kung naniniwala siya na may *Down Syndrome* si Aaron.

"Oo," marahan niyang sinabi, tapos siniyasat niya ang mga palad at mga paa ng bata at nagpasya siya na bilog ang mukha ng bata gaya ng ina nito, at ang mga mata gaya ng mga mata ng kanyang ama- yun lang. Walang ibang palatandaan kaya itinabi namin ang takot na ito sa likod ng aming kaisipan at nagpatuloy kami sa buhay namin. Sobra ang aming narambamang ginhawa.

Ngunit nang banggitin ng doktor ang *prenatal testing*, nabahala ako. Naririnig ko ang tibok ng aking puso. Mahigpit kong hinawakan ang aking sanggol. "Oh," sabi ko. "Maaari ko bang gamitin ang aking *cell phone* dito?" Kailangan kong tawagan si Mike kaagad.

Hindi ko matandaan ang aming pinag-usapan. Sigurado ako na ang boses ko ay gaya ng taong sinasakal. Yuon ang pakiramdam ko. Hindi ko namalayan na nakaupo ako sa silid ng pagsusuri ng mga nars at nagpapasuso kay Aaron hanggang as pagdating ni Mike. Hindi ako iyakin pero naramdaman ko ang bungkos na mga luha sa aking lalamunan. Natandaan kong huminga.

Gusto ni Mike buhatin si Aaron papunta sa laboratoryo ng ospital. Ayaw niyang ilagay ito sa kanyang istroler at taas nuo siyang naglakad na hawak na mahigpit ang kanyang anak. Para bang sabi niya na "ako ang bahala sa aking anak, ano pa man ang mangyari!" Ang mga nars ay kumuha ng dugo sa maliit na braso ni Aaron. Hindi kami nagsalita ni Mike- nanghina ako nang narinig kong imiyak si Aaron dahil finusukan siya ng karayom. Hinintay namin ng dalawang linggo ang resulta ng eksamen na ito

Nakauwi na kami sa bahay. Natutulog si Aaron sa *car seat* niya. Kalagitnaan ng Abril nuon at napaganda ng araw. Nakaupo kami sa balkon ng aming bahay, tinatanaw ang aming sanggol na natutulog. Pinag-usapan namin na siguradong nagkamali ang aming doktor dahil kulang siya sa karanasan kaya walang duda na siya ay nagkamali sa pagsusuri kay Aaron.

May musika na nagmula sa bahay sa tapat ng eskinita namin. Pinilit kong maalala kung ano ang awiting ito na galing sa bukas na bintana ng silid-tulugan. Isang binata ang nakatira doon kasama ang kanyang mga magulang. Siya ay nagkaroon ng isang bihirang kakulangan sa kromo at may kasamang ibang tao na may kondisyon tulad niya. Hindi inaasahan na siya ay mabubuhay nang lampas sa isang taong gulang, ngunit naroon siya, 20 taong gulang, nakikinig sa musikang kay lakas na galing sa bintana ng kanyang silid-tulugan.

Sa wakas natandaan ko ang awitin. Ito ay isang kanta mula sa aking nakalipas na mga sayawan sa Mataas na Paaralan. Ang aming kapitbahay ay nagpapatugtog ng kanta ng ABBA na "*Take a Chance on Me*".

Ang mga resulta ng pag-susuri ay bumalik pagkaraan ng dalawang linggo. At oo, ang aming sanggol ay may *Down Syndrome*. Naramdaman namin ang malalim na kalungkutan na tila walang katapusan nang malaman namin na ang sanggol na inaasahan namin ay hindi ang sanggol na natanggap namin.

Ngunit dahan-dahang sumilip ang araw mula sa likuran ng mga ulap, at nagawa kong bumangon at asikasuhin ang aking buhay. Hindi ako pinahintulutan ng aking sanggol na ngayon ay dalawang taong gulang, na manatiling malungkot.

Sa katunayan, tinataas niya ang kanyang mga maliliit at mabibilog na kamay habang naglalakad kami sa bangketa. Natutuwa kaming dalawa sa init ng araw ng Taglagas. Ang kapitbahay kong nagpatugtog ng ABBA ay nasa labas din at nakita namin sa tapat ng bahay nila. Binati ko siya na gamit ang kanyang pangalan at lumiwanag ang kanyang mukha. Tunay nga, *Take a Chance on Us*, huwag mawalan ng pag-asa sa amin.

*Si Sue Robins ay naninirahan sa Edmonton  
(ang orihinal ay ini-lathala sa Globe and Mail)*

## Maligayang Pagdating sa Olanda

Sulat ni EMILY KINGSLEY

Madalas akong tanungin tungkol sa karanasan ko sa pagpapalaki ng bata na may kapansanan upang masubukang tulungan ang mga taong walang karanasan nito at upang maunawaan at maisip nila kung ano ang pakiramdam nito. Parang ganito iyan...

Kung magkakaroon ka ng sanggol, gaya ito sa pagpapalano ng isang kamanghamanghang paglalakbay sa Italya. Bumili ka ng mga gabay at isinigawa mo ang iyong magagandang plano. Ang Koliseo. Ang iskultura ni David na gawa ni Michelangelo. Ang mga gondola sa Venice. Maaaring natuto ka ng ilang mga gamiting parirala sa wikang Italyano. Lahat ito ay kapana-panabik.

Matapos ang mga buwan ng sabik na pag-aasam, darating ang araw sa wakas. Nag-empake ka ng iyong mga *bag* at paalis ka na. Makalipas ang ilang oras, lumapag ang eroplano. Dumating ang *flight attendant* at sinabing, 'Maligayang Pagdating sa Olanda'.

Olanda? "Sabi mo. 'Ano ang ibig ninyong sabihin, Olanda? Nag-sayn ap ako para sa Italya. Dapat ay nasa Italya ako. Sa buong buhay ko ay pinangarap kong pumunta sa Italya. '

Ngunit nagkaroon ng pagbabago sa plano ng paglipad. Nakarating sila sa Olanda at dapat manatili doon.

Ang mahalagang bagay ay, hindi ka nila dinala sa isang kakila-kilabot, kasuklam-suklam, marumi na lugar, puno ng salot, gutom at sakit. Ibang lugar lamang ito.

Kaya, dapat kang bumili ng mga bagong gabay. At kailangan mong malaman ang panibagong wika. Makakatagpo ka ng bagong grupo ng mga tao na hindi mo kilala.

Ibang lugar lang ito. Mas mabagal lang ang buhay dito at hindi kasing moderno ng Italya. Ngunit kung tumagal ka dito at naka-pagpahinga ka na, tignan mo ang iyong paligid at mapapansin mo na ang Olanda ay may mga *windmill*, mga bulaklak na *tulip*, at mga *Rembrandts*.

Ngunit ang lahat ng iyong mga kakilala ay abala sa pagpunta at pabalik galing sa Italya at lahat sila ay nagyayabang tungkol sa magandang panahon at kung gaano silang nasiyahan doon. At sa nalalabi mong buhay sasabihin mo na, 'Oo, iyon ang dapat kong napuntahan. Iyon ang plano ko.

At ang sakit na iyon ay hindi mawawala kailanman dahil ang pagkawala ng pangarap ay isang napaka-makabuluhang pagkawala.

Ngunit kung ang iyong buhay ay ginugol sa dalamhati dahil hindi kayo nakarating sa Italya, maaaring hindi ka malaya kahit kalian man na masisiyahan sa napaka-espesyal-at napakagandang mga bagay sa Olanda. "

## Mga Impormasyon Tungkol sa *Down syndrome*

Maraming mga maling konsepto, lumang impormasyon, kakulangan ng kamalayan, at isteryotayp tungkol sa mga taong may *Down Syndrome*. Mahalaga na pag-aralan mo, ng pamilya mo, at mga kaibigan mo, at kilalanin ang maling pag-aakala ng katotohanan.

- Ang *Down Syndrome* ay isang natural na kaganapan na nangyayari sa pagtitikom ng kromosomo sa pagbubuntis. Ito ang pinaka-karaniwang nagaganap na kondisyon na dyenetik.
- Ang *Down Syndrome* ay hindi isang sakit, karamdaman, kakulangan, o kondisyong medikal. Hindi dapat itukoy na ang isang taong may *Down Syndrome* ay "naghihirap dahil sa" o "nasaktan ng" *Down Syndrome*.
- Ang mga taong may *Down Syndrome* ay may banayad o katamtaman na pagka-antala ng kamalayan, iba't ibang istilo ng pag-aaral, at mga pagka-antala sa pag-unlad. Sa pisikal, madalas mababa ang tono ng kanilang kalamnan, hindi matangkad, paitaas ang ang mga mata, at isang guhit lamang sa kanilang mga palad. Bagaman ang mga ito ay karaniwang pisikal na katangian ng mga taong may *Down Syndrome*, kamukha pa rin nila ang kanilang mga magulang at mga miyembro ng kanilang pamilya. Sila ay madalas magkaroon ng ilan na mga karamdaman at mga kondisyong medikal. Sa kabilang dako, sila ay may mas mababng panganib na magkaroon ng ilang mga karamdaman at mga kondisyong medikal.
- Mayroong higit na pagkakapareho kaysa sa pagkakaiba sa pagitan ng karaniwang mga bata at mga bata na may *Down Syndrome*. Tulad ng lahat ng mga sanggol, kailangan nila ng pag-mamahalt at tamang pagpapakain. Magbubuo sila ng lahat ng damdamin at saloobin, at lalago, matututo, at unlad sa tamang panahon para sa kanila.
- Sa Canada, maraming grupo sa komunidad na sumosuporta sa mga magulang ng mga batang may *Down Syndrome*. Maaari silang magbigay ng impormasyon, suporta, kontak, reperal, at mapagkukunan.
- Ang mga sanggol na may *Down Syndrome* ay nangangailangan ng pangangalaga sa kalusugan, isang mahusay at nakapupukaw na kapaligiran, positibong suporta galing sa lipunan, pamilya at mga kaibigan, at mahusay na kalidad na edukasyon. Ang maagang interbensyon ay mahalaga para sa pag-unlad ng mga taong may *Down Syndrome*. Sa mga unang taon, ang mga bata ay dumaranas ng mabilis at makabuluhang pagbabago at nabubuo ang



kanilang mga pangunahing pisikal, nagbibigay-malay, wika, at panlipunang mga kasanayan na kinakailangan para sa pag-unlad sa hinaharap. Ang maagang interbensyon ay mahalaga sa maayos na pagunlad ng mga taong may *Down Syndrome*. Sa pamamagitan ng mga sumusunod na terapia: pisikal, pananalita, at okupasyonal sa pamamagitan ng mga aktibidad at ehersisyo.

## Mga Isyu sa Kalusugan at Down Syndrome

Alalahanin na ang mga indibidwal na may *Down Syndrome* ay maaaring magkaroon ng mas mababa o mas mataas na saklaw ng ilang mga isyu sa kalusugan. Sa ibaba ay isang listahan nito. Halos lahat ng mga isyung ito ay maaaring pinamamahalaan ng mga paraang medikal.

Posibleng mga isyu sa kalusugan:

- *AAI: Atlantoaxial Instability*
- *Acid reflux*
- *Alopecia (Alopesya)*
- *Alzheimer's disease (Sakit na Alzheimer)*
- *Autism (Otismo)*
- *Celiac disease (Sakit na Celiac)*
- *Childhood leukemia (Leukemia ng Pagkabata)*
- *Congenital heart defects (Mga Depekto sa Puso mula sa Kapangnakan)*
- *Constipation (Kahirapan sa Pagdumi)*
- *Get screened for misalignment between the C1 and C2 vertebrae (Problema sa Gulugod)*
- *Hearing problems (Problema sa Pandinig)*
- *Low muscle tone (Mababang Tono ng Kalamnan)*
- *Respiratory problems (Mga problema sa paghinga)*
- *Thyroid abnormalities (Mga problema sa teroyde)*
- *Vitamin B12 deficiency (Kakulangan ng bitamina B12)*
- *Weight management difficulties (Problema sa Pamamahala ng Timbang)*

Mga Aklat:

- *Medical & Surgical Care for Children with Down Syndrome: A Guide for Parents* edited by: D.C. Van Dyke, M.D., Philip Matheis, M.D., Susan Schoon Eberly, M.A., and Janet Williams, R.N., Ph.D.
  - Mahusay na mga libro, na mahihiram sa library ng LMDSS o sa iyong lokal na *outreach worker*

Bisitahin ang mga sumusunod na *website* para sa bago at tumpak na impormasyon pati na rin ang mga mapagkukunan para sa inyo at sa inyong doktor.

<http://cdss.ca/resources/health/>

<https://www.dsmig.org.uk/>

<http://www.ds-health.com/>

<http://www.ndss.org/about-down-syndrome/publications/>

<https://www.healthychildren.org/English/health-issues/conditions/developmental-disabilities/Pages/Children-with-Down-Syndrome-Health-Care-Information-for-Families.aspx>

[www.dsmig.org.uk/information-resources/personal-child-health-record-pchr/](http://www.dsmig.org.uk/information-resources/personal-child-health-record-pchr/)

[www.cdc.gov/ncbddd/birthdefects/downsyndrome/growth-charts.htm/](http://www.cdc.gov/ncbddd/birthdefects/downsyndrome/growth-charts.htm/)

## Ang “Mga Kailangang Gawin”: Listahan para sa Mga Bagong Magulang

- ❖ Makipag-ugnay sa iyong lokal na *Ministry of Children and Family Development (MCFD) regional office* (<https://www2.gov.bc.ca/gov/content/family-social-supports/data-monitoring-quality-assurance/find-services-for-children-teens-families>) at magkaroon ng *social worker (facilitator* din ang tawag nito).
- ❖ Makipag-ugnay sa iyong lokal na Programa sa *Infant Development Program (IDP)* at kayo ay ilalagay sa isang listahan ng paghihintay (*waiting list*)
- ❖ Kumuha ng isang *Social Insurance Number (SIN)* para sa iyong anak
- ❖ Maghanap ng isang mahusay na pedyatrisyan (isang reperal ay maaaring isagawa ng inyong Doktor o medikal klinik)
- ❖ Itago ang mga resibo para sa anumang serbisyong medikal, *respite* (serbisyo upang ang mga taga-pag-alaga ay makpagpahinga), o suporta para sa oras ng buwis
- ❖ Makipagkita sa isang *Outreach Support Worker* ng LMDSS
- ❖ Dumalo sa isang *Parent Networking Group*
- ❖ Ang pakikipag-ugnay sa mga magulang na may mga anak na may *Down Syndrome* ay maaaring maging kapaki-pakinabang. Maaari ninyong makilala ang mga magulang sa mga paaralan, mga *daycare*, o mga programa sa komunidad, at maaari kang makatuklas ng onlayn na suporta at mga kontak sa pamamagitan lamang ng paghahanap sa Google. Narito ang ilang mga mapagkukunan upang matulungan kayong magsimula:

Message board: [www.downsyn.com](http://www.downsyn.com)

Chat group: [downsyndromecanadianparents@yahoo.com](mailto:downsyndromecanadianparents@yahoo.com)

Blogs: [www.kellehampton.com](http://www.kellehampton.com) ; <https://raisingpaige.wordpress.com/>



❖

## **Ang Lower Mainland Down Syndrome Society**

Ang *Lower Mainland Down Syndrome Society* ay itinatag noong 1989 ng isang grupo ng mga nag-aalalang magulang at pamilya. Ang aming *head office* ay nasa Surrey, BC, at mayroon kaming mga kontak sa buong BC at Canada. Nasa ibaba ang aming Misyong Istayment at ilang karagdagang impormasyon tungkol sa amin at kung ano ang aming ginagawa.

### **Misyong Istayment ng LMDSS**

**Naniniwala kami sa mga Oportunidad.**

**Naniniwala ang aming mga miyembro na ang mga indibidwal na may *Down Syndrome* ay may kakayahang ganap sa pakikipaglahok sa lipunan at dapat bigyan ng pagkakataong mapaunlad ang kanilang potensyal.**

**Upang mabuhay ang misyon na ito, naglalayon ang *Lower Mainland Down Syndrome Society* na:**

- 1. Magbigay ng impormasyon, suporta, at mapagkukunan sa mga indibidwal na may *Down Syndrome* sa BC at sa kanilang mga pamilya**
- 2. Magbigay ng impormasyon tungkol sa *Down Syndrome* at mga mapagkukunan sa mga tao at samahan na sumusuporta sa mga indibidwal na may *Down Syndrome* at sa kanilang mga pamilya**
- 3. Magtaguyod na ang mga pamahalaan at naaangkop na mga ahensya ay nagbibigay ng mga espesyal na mapagkukunan na madalas na kinakailangan ng mga indibidwal na may *Down syndrome* at ang kanilang mga pamilya**

Karagdagang kalinawan, ang LMDSS ay may:

### **Impormasyon para sa *Outreach Parent Support Group***

Nagbibigay ang LMDSS ng isang *network* ng mga *outreach workers* sa buong lalawigan na nagtatagpo at nagbibigay suporta sa mga bagong magulang at pamilya ng mga bata na may *Down syndrome*. Ang mga manggagawa na ito ay ang mga magulang mismo ng mga indibidwal na may *Down syndrome*, at may karanasan, pagsasanay, at mga mapagkukunan upang magbigay ng suporta at impormasyon sa mga bagong magulang. Mangyaring makipag-ugnay sa LMDSS kung nais ninyong makipag-usap sa isang *outreach worker* at maging kasangkot sa programang ito.

### **Kultura at Wika**

Ang LMDSS ay may impormasyon tungkol sa *Down syndrome* sa higit sa 20 mga wika. Kung nagsasalita ka ng ibang wika, o kung hindi Inggles ang iyong unang wika, mangyaring makipag-ugnay sa LMDSS para sa karagdagang mga mapagkukunan.

### **Mga Bagong Sanggol**

Nagbibigay ang LMDSS ng mga Pakete ng Bagong Magulang sa mga pamilya, ospital, at iba pang mga propesyonal. Tinatanggap din namin ang mga bagong sanggol sa pamamagitan ng paghahanda ng mga basket na ang nilalaman ay mga gamit na kailangan ng mga bagong sinilang na sanggol at ang pagbisita sa kanilang tahanan.

### **Mga Grupong Sumusuporta**

Sinusuportahan ng LMDSS ang mga pamilya sa pamamagitan ng *Parent Networking Groups*, *Youth Group*, at *Adult Connection Group*. Paminsan-minsan, mayroong mga propesyonal na nagsasalita sa mga pagpupulong ng mga ito.

### **Pananaliksik at Pagtataguyod**

Nagbibigay ang LMDSS ng mga mapagkukunan (mga libro, *video*, mga gamit sa pagtuturo) sa opisina at *online*, mga sanggunian ng mga mapagkukunan, at nagbibigay ng impormasyon para sa mga proyekto ng pananaliksik.

Para sa mas kumpletong listahan, mangyaring bisitahin ang aming *website* sa [www.lmdss.com](http://www.lmdss.com)



## Iba pang mga Organisasyon na makatutulong sa Iyo:

### **Bethesda Christian Association**

- Grupong nagbibigay suporta sa mga pamilya ng mga bata at matatanda na may kapansanan sa pag-unlad. Ang mga pagpupulong ay ginaganap sa huling Martes ng bawat buwan (walang pag-pupulong sa mga buwan ng Hunyo, Hulyo, at Agosto) mula 11:00 ng umaga hanggang 12:30 ng hapon sa Mephi's Place 3260 Gladwin Rd., Abbotsford. Para sa karagdagang impormasyon: Makipag-ugnay kay Joyce Vander Hoek sa 604-850-6604.

### **British Columbia Association of Community Living**

227 6<sup>th</sup> Street, New Westminster, BC V3L 3A5

Phone: (604) 777-9100 Toll-free: 1-800-618-1119

Fax: (604) 777-9394 Email: [info@bcacl.org](mailto:info@bcacl.org) website: [www.bcacl.org](http://www.bcacl.org)

- Ito ay pederasyon na nakikipag-ugnay sa mga kasosyo upang maitaguyod ang komunidad at mapahusay ang buhay ng mga bata, kabataan at matatanda na may kapansanan sa pag-unlad at ang kanilang pamilya sa pamamagitan ng pagsuporta sa kanilang mga kakayahan, pagtataguyod ng aksyon at pagsulong ng kanilang mga karapatan, responsibilidad at *social justice*. Mayroon din silang suporta sa adbokasiya na makakatulong sa pagkonekta mo sa mga mapagkukunan sa iyong komunidad at nakatayo sa tabi mo habang nag-aadbokasiya ka para sa mga serbisyong kailangan mo. Bisitahin <http://www.inclusionbc.org/advocacy-support> para sa karagdagang impormasyon.

### **Canadian Down Syndrome Society**

283 – 5005 Dalhousie Drive N.W. Calgary, AB T3A 5R8

Phone: (403) 270-8500 Toll-free: 1-800-883-5608

Fax: (403) 270-8291 Email: [info@cdss.ca](mailto:info@cdss.ca) website: [www.cdss.ca](http://www.cdss.ca)

- Ang CDSS ay isang pambansang *non-profit* na organisasyon na nagbibigay ng impormasyon, adbokasiya, at edukasyon tungkol sa *Down syndrome*. Sinusuportahan ng CDSS ang mga magulang na nag-aabokasiya sa sarili at mga pamilya sa lahat ng yugto ng kanilang buhay. Ang kanilang misyon ay matiyak ang pantay na mga pagkakataon para sa lahat ng mga taga-Canada na may *Down syndrome*. Ang kahulugan nito ay matiyak na ang lahat ng mga taga-Canada na may *Down syndrome* ay may tamang suporta upang mabigyan silang lahat ng pare-parehong mga pagkakataon. Nagbibigay ito ng mga makabagong impormasyon; mga pahayagan, mga mapagkukunan, mga bagong pakete para sa mga magulang, at *nakikipagugnay* sa higit na 50 mga grupo na may kinalaman sa *Down Syndrome*.

### **Down Syndrome Resource Foundation**

1409 Sperling Avenue, Burnaby, BC V5B 4J8

Phone: (604) 444-3773 Toll-free: 1-888-464-3773

Fax: (604) 431-9248 Email: [info@dsrf.org](mailto:info@dsrf.org) website: [www.dsrf.org](http://www.dsrf.org)

- Ang *Down Syndrome Resource Foundation* ay itinatag noong 1995 upang matiyak ang mas-maliwanag na hinaharap ng mga indibidwal na may *Down Syndrome* at iba pang mga kapansanan sa pamamagitan ng pag-papabuti ng kanilang kaisipan at pag-unlad sa lipunan. Ang aming mga layunin ay magbigay ng nararapat, maaasahan at napapanahong impormasyon ng pinakabagong mga programang pang-edukasyon para sa mga tao ng iba't-ibang gulang na may *Down syndrome* at iba pang mga kapansanan.

### **Family Support Institute**

227 6<sup>th</sup> Street, New Westminster, BC V3L 3A5

Phone: (604) 540-8374 Toll-free: 1-800-441-5403

Fax: (604) 540-9374 Email: [fsi@fsibc.com](mailto:fsi@fsibc.com) website: [www.familysupportbc.com](http://www.familysupportbc.com)

- Ang *Family Support Institute* ay isang samahan sa buong lalawigan na ang layunin ay palakasin at suportahan ang mga pamilya na nahaharap sa mga pambihirang kalagayan dahil sa pagkakaroon ng isang kapamilya na may kapansanan. Naniniwala kami na ang pamilya ang pinakamahasag na mapagkukunan upang masuportahan ang isa't isa. Sa direksyon ng mga pamilya, ang *Family Support Institute* ay nagbibigay ng impormasyon, pagsasanay at malawak na *network* upang matulungan ang mga pamilya at kanilang mga komunidad na mabuo at ibahagi ang kanilang mga kalakasan.

"*Stop Hurting Kids: Parent's Guide*" - Para mapanatili ang kaligtasan ng lahat ng mga bata sa pagpigil at pag-bubukod sa mga paaralan ng BC.

### **Fraser Valley Down Syndrome Society (FVDSS)**

- Gaganapin ang mga pagpupulong ng mga magulang sa panga-lawang Huwebes ng bawat buwan mula 7:30- 9:00 ng gabi sa Plaza 154 sa Ventura Ave. sa Abbotsford. Mangyaring suriin ang kalendaryo para sa napapanahon na impormasyon tungkol sa mga Tagapagsalita o ang pagbabago ng oras. Bisitahin ang [www.fvdss.org](http://www.fvdss.org) o makipag-ugnay kay Sylvie (Abbotsford) 604-853-5563 o kay Jodie (Abbotsford) 604-755-0769 o email [info@fvdss.org](mailto:info@fvdss.org)

### **Ministry of Children and Family Development**

- Ang *Ministry of Children and Family Development* (MCFD) ay nagbibigay pondo ng iba't ibang mga programa at serbisyo para sa mga bata at kabataan na may mga espesyal na pangangailangan pati na rin ang kanilang mga pamilya. Ang mga serbisyo at suporta ay inilaan upang maitaguyod ang malusog na pag-unlad ng mga bata, mapakinabangan ang kalidad ng buhay, tulungan ang mga pamilya sa kanilang tungkulin bilang pangunahing tagapag-alaga at suportahan ang buong pakikilahok sa buhay ng komunidad. Bisitahin ang [http://www.mcf.gov.bc.ca/spec\\_needs/index.htm](http://www.mcf.gov.bc.ca/spec_needs/index.htm) o makipag-usap sa inyong *social worker* upang matuto ng higit pa tungkol sa mga serbisyo na kanilang inaalok.

### **Mom's Break**

- Isang grupo para sa mga ina na nagpapalaki sa mga bata na may mga espesyal na pangangailangan. Kilalanin ang iba pang mga ina ng mga anak na may mga espesyal na pangangailangan, kumuha ng inumin, maupo at magpahinga. Nagkikita kami tuwing pangatlong Huwebes ng buwan, 7:00 ng gabi sa Gourmet Gallery sa Immel St., Abbotsford. Para sa karagdagang impormasyon makipag-ugnay kina Krissy at Kulvinder sa [abbymomsbreak@gmail.com](mailto:abbymomsbreak@gmail.com)

### **MSA Society for Community Living**

- Ang *MSA Society for Community Living* - Ay *Support group* para sa lahat ng pamilya ng mga indibidwal na may kapansanan sa pag-unlad. Ang mga pulong-pulong ay gaganapin sa pangalawang Martes ng bawat buwan mula 10:00 - 12:00 ng hapon sa 30686 Matsqui Place, Abbotsford. Makipag-ugnay kay Arlene Schouten sa 604-556-0681 (opisina) o sa 604-855-3140 (cell)



### **Variety the Children's Charity**

- Ang *Emergency Response Fund* ay nilikha upang matugunan ang mahalagang pangangailangan sa pang-pinansyal na suporta ng pamilya na hindi natutugunan ng aming medikal at social na sistema. Ang pangunahing alituntunin ng Pondo ay tumulong sa mga pamilya na nasa sobrang pinansiyal at emosyonal na istres dahil sa kondisyong medikal ng isang bata. Ang layunin ng Pondo ay makatulong sa mga pangangailangan ng bata at ng kanyang pamilya sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mahabagin na aksyon at tulong na pinansiyal para sa alin mang mga kalagayan. Ang kalagayan ng bawat pamilya ay susuriin nang ayon sa kaso at ang desisyon ay madaliang ibibigay. Telepono: 604-320-0505 Para sa karagdagang detalye, tignan ang kanilang website [www.variety.bc.ca](http://www.variety.bc.ca) or magpadala ng email sa [lexa.betson@variety.bc.ca](mailto:lexa.betson@variety.bc.ca)

Para sa karagdagang impormasyon ng iba pang mga organisasyon, mangyaring tignan ang aming seksyon ng *Resources at Websites*.

### **Mga Programa**

Maraming programa ang magagamit para sa mga bata na may mga espesyal na pangangailangan. Para sa lahat ng mga programa at serbisyo, mahalaga na huwag ipagpalagay na ibang tao (halimbawa *social worker* o doktor) ay naglagda ng pangalan ng anak mo at inilagay ang kanyang pangalan sa isang listahan ng paghihintay. Responsibilidad ninyo bilang magulang ang maging tagapagtaguyod ng iyong anak at kayo mismo ang mag-aasikaso nito.

### **At Home Program**

Ang *At Home Program* o Programang Pantahanan (sa pamamagitan ng *Ministry of Children and Family Development (MCFD)*, ay tumutulong sa mga magulang na may ilang pambihirang gastos sa pag-aalaga sa tahanan ng isang bata na may matinding kapansanan sa pamamagitan ng iba't ibang mga suporta at serbisyo sa kalusugan. Tumutulong ito sa dalawang pangunahing lugar:

- Ang *Benepisyong Respite* ay nagpapahintulot sa magulang na pumili ng naaangkop na tulong ng pangangalaga para sa kaniyang anak at pamilya.
- Ang mga *Benepisyong Medikal* ay nagbibigay ng isang hanay ng mga mahahalagang bagay na serbisyo at gamit medikal.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa programa, bisitahin ang <https://www2.gov.bc.ca/gov/content/health/managing-your-health/healthy-women-children/child-behaviour-development/special-needs/complex-health-needs/at-home-program> o kausapin ang iyong *social worker*.

## **Infant Development Program**

Ang *Infant Development Program (IDP)* o ang Programa sa Pag-unlad ng Sanggol ay nagsisilbi sa mga bata mula sa kapanganakan hanggang sa tatlong taong gulang na nasa panganib na, o mayroong pagka-antala sa pag-unlad. Ipinapahiwatig ng pananaliksik na ang maagang interbensyon ay makabubuti sa pag-unlad at sa matatamong edukasyon ng mga bata at nakabubuti sa pamilya nila. Kapag mas-maaga ang interbensyon, mas epektibo ito sa malaking pagbabawas sa pangangailangan ng mga dalubhasang serbisyo sa hinaharap. Ipinapahiwatig ng pananaliksik na ang pag-aaral at pag-unlad ay pinakamabilis sa mga taon ng *preschool* at sa gayon, ang interbensyon ay dapat magsimula nang maaga upang mapahusay ang pag-unlad ng bata. Mayroong 52 IDP sa buong lalawigan na pinapatakbo ng iba't ibang mga organisasyon sa bawat pamayanan.

Ang mga tagapayo ng IDP ay nakikipagtulungan sa mga magulang upang magbigay ng iba't ibang mga serbisyo para mapaglaban ang mga nagpapaudlot sa pag-unlad. Ang pakikilahok sa programa ay kusang-loob at nakasentro sa pamilya. Ang IDP ay magagamit sa buong British Columbia. Bilang bahagi ng hanay ng mga serbisyo para sa mga bata na may mga espesyal na pangangailangan, tutulungan din ng mga Tagapayo ng IDP na maiugnay ang mga pamilya sa [Supported Child Development, Early Intervention Therapy Program](#) at [Aboriginal Infant Development Programs](#), depende sa mga pangangailangan ng bawat bata.

Upang makahanap ng programa sa iyong lugar, bisitahin ang <http://www.idpofbc.ca/idpbyregion.html> o makipag-usap sa iyong *social worker*. Tanungin ang iyong lokal na samahan kung paano gumagana ang programa at kung ano ang mga reperal na kailangan ninyo, kung mayroon man. Kung may listahan ng paghihintay, i-sayn up ang iyong anak o kumpirmahin na siya ay nasa listahan at tanungin kung anong mga pagpipilian ang magagamit habang kayo ay naghihintay (madalas maaari pa kayong sumali sa *play group*).

## **Respite Care**

Ang *Respite Care* o Tulong para Kayo ay Makapag-pahinga, ay nagbibigay ng panandaliang, pansamantalang kaluwagan sa mga nag-aalaga sa mga miyembro ng pamilya na may mga espesyal na pangangailangan. Itong programang ito ay nagbibigay ng panandalian at limitadong oras ng pahinga para sa mga pamilya at iba pang hindi binabayaran na taga-pangalaga ng mga bata na may pagka-antala sa pag-unlad, upang suportahan at mapanatili ang pangunahing relasyon na pagbibigay ng pangangalaga. Nagbibigay din ito ng positibong karanasan para sa tumatanggap ng pangangalaga.

Ang *Respite services* ay maaaring makamit sa pamamagitan ng :

- *At-Home Program* (natukoy na sa itaas); at MCFD; sa pamamagitan ng MCFD; makipag-ugnay sa *social worker*  
<https://www2.gov.bc.ca/gov/content/health/managing-your-health/healthy-women-children/child-behaviour-development/special-needs/complex-health-needs/at-home-program/at-home-program-respice-benefits>
- Mga Pribadong Serbisyo

Para sa karagdagang impormasyon sa iba pang mga programa, mangyaring basahin ang aming mga seksyon ng *Resources* at *Website*.

### **Supported Child Development Program (SCDP)**

Ang *Supported Child Development Program (SCDP)*, ay programang nakabatay sa komunidad na tumutulong sa mga pamilya ng mga bata na may karagdagang pangangailangan sa pagtanggap ng childcare na tumutugon sa mga pangangailangan ng pamilya. Ang programa ay inilaan upang maglingkod sa mga bata mula 0- 12 taong gulang at may mga serbisyo para sa mga kabataan na 13 -19 taong gulang sa ilang mga komunidad. Ang SCDP ay nagpapatakbo ng mga alituntunin ng pagsasama at mga kasanayan na nakasentro sa pamilya at sa sa grupo ng iba't ibang mga espesyalista. Ang mga magulang ay maaaring mag-refer sa sarili, o sa pahintulot ng magulang. Ang *referral* ay maaaring magmula sa ibang mga nagbibigay ng serbisyo sa komunidad. Nag-aalok ang mga propesyunal ng SCDP ng pagpapalano, pagtatasa, pagsasanay, mga mapagkukunan at suporta upang matagumpay na isama ang mga bata na may labis na pangangailangan sa suporta sa karaniwang mga *childcare setting*.

Ang SCDP ay nagbibigay ng mga sumusunod na serbisyo upang suportahan ang mga bata, pamilya, at tagapagbigay ng pangangalaga sa bata:

- Ang indibidwal na pagpapalano upang maitaguyod ang pag-unlad ng bawat bata
- Pagsasanay at impormasyon para sa mga pamilya at tagapagbigay ng pangangalaga sa bata upang matulungan ang pag-unlad ng bawat bata
- Mga mapagkukunan tulad ng mga libro, laruan at mga espesyal na kagamitan
- Mga sanggunian sa iba pang mga serbisyo tulad ng mga terapista o mga espesyalista
- Kung kinakailangan, karagdagang tauhanupang matiyak na ang mga bata ay maaaring makilahok ng lubos sa kanilang mga kapantay

Upang malaman ang higit pa tungkol sa programang ito, bisitahin ang <http://bc-cfa.org/programs-services/supported-child-development/supported-child-development/> . Upang mahanap ang iyong lokal na SCDP, bisitahin ang <http://bc-cfa.org/contact/> o makipag-usap sa iyong *social worker*. Muli, tawagan ang iyong lokal na *Center*, tanungin kung paano gumagana ang kanilang programa, kung mayroong listahan ng paghihintay, kung paano makukuha ito (kung hindi pa kayo

nagpalista), kung ano ang mga *form* na kailangan mong sulatan, kung paano makakuha ng isang manggagawa, at kung ano ang mga reperal na kailangan mo, kung mayroon man.



## Mga Pagsasa-alang-alang sa Pinansyal

**RDSP** – *Registered Disability Savings Plan*

[www.rdsp.com](http://www.rdsp.com)

Ang *Registered Disability Savings Plan* ay plano sa pag-iimpok na sadyang idinisenyo para sa mga taong may kapansanan sa Canada. Una sa uri nito sa mundo, ang plano ay may kasamang tulong na kaloob ng pamahalaan at *bond* (depende sa kita) bilang karagdagan sa halos lahat na mga benepisyo ng *income assistance* ng probinsya at isang pangmatagalang plano sa pag-titipid.

**PLAN** – *Planned Lifetime Advocacy Network*

[www.plan.ca](http://www.plan.ca)

Ang misyon ng PLAN ay makatulong sa mga pamilya upang ma-iseguro ang hinaharap ng kamag-anak nila na may kapansanan at magbigay ng kapayapaan sa pag-iisip. Ang pananaw ng PLAN ay simple: nais namin na ang lahat ay magkaroon ng daan patungo sa isang magandang buhay. Hindi nakakagulat na ang isang mabuting buhay para sa mga taong may kapansanan ay hindi naiiba sa isang mabuting buhay para sinuman: mga kaibigan at pamilya na nagmamahal sa kanila, isang tirahan na

pang-sarili, seguridad na pinansyal, nakikilahok sa paggawa ng desisyon, at kakayahang magbigay ng mga kontribusyon sa lipunan.

**Mga Buwis** - *Personal Tax Credits at Medical Expenses, Disability Tax Credit Certificate*

[www.cra.gc.ca/forms](http://www.cra.gc.ca/forms)

[www.cra.gc.ca/disability](http://www.cra.gc.ca/disability)

[www.cra.gc.ca/benefits](http://www.cra.gc.ca/benefits)

May mga kredito sa buwis para sa mga indibidwal na may kapansanan at mga pamilya na nagaalaga sa kanila. Ang LMDSS ay may kontak na CGA na naghahanda ng isang pakete ng impormasyon sa buwis at *accounting* taun-taon para sa mga pamilya na may myembro na may kapansanan. Mangyaring makipag-ugnay sa kanila para sa bagong isyu na pakete o para sa karagdagang impormasyon.

**\*Mga Tip\***

-Itago ang mga resibong medikal para sa oras ng pagbubuwis

-Makipag-ugnay ng regular sa iyong doktor, dahil siya ang magkukumpleto sa maraming mga *form*, hindi lamang yung may kaugnayan sa buwis.

## **Resource Guide - Kapanganakan Hanggang sa Isang Taong Gulang**

Kung may alam kayong ibang mga mapagkukunan (*resources*) para sa mga magulang na wala sa listahang ito, mangyaring mag-emayl sa amin sa [info@lmdss.com](mailto:info@lmdss.com), para maisama ang mga ito sa listahan.

### **B.C. CENTRE FOR ABILITY, SPEECH, AND LANGUAGE THERAPY**

Nagsisilbi sa mga bata sa edad na 0 hanggang s21 taon na may mga kapansanan. Para sa higit pang mga detalye, tumawag sa 604-451-5511 o bisitahin ang [www.centreforability.bc.ca](http://www.centreforability.bc.ca)

### **CANADIAN DOWN SYNDROME SOCIETY - BREAST FEEDING BROCHURE**

Ang Pagpapasuso ng sanggol na may *Down syndrome*: Hindi lahat ng mga magulang ay magpapasuso, ngunit kung nais at magagawa mo, ang buklet na ito ay nagbibigay ng mga pamamaraan para sa pagpapasuso ng sanggol na may *Down syndrome*: <http://cdss.ca/wp-content/uploads/2016/05/CDSS-Breastfeeding-a-Baby-With-Down-Syndrome-ENGLISH.pdf>

### **THE CENTRE FOR CHILD DEVELOPMENT PROGRAM**

Nagbibigay sila ng mga sanggunian, pagtatasa, *communication therapy*, *occupational therapy*, *physiotherapy*, pinagsamang mga *preschool*, serbisyo sa libangan, at mga espesyal na serbisyo gaya ng grupo sa tamang pagkain, grupo ng kagamitan, isang koponan ng kasting at isplinting, programa ng pahiraman ng kagamitan at mga laruan at departamento ng serbisyong teknikal na lumilikha ng angkop na mga kagamitan. Upang malaman ang higit pang mga detalye, tumawag lamang sa 604-584-1361. [www.centreforchilddevelopment.ca](http://www.centreforchilddevelopment.ca)

### **CHILDREN'S MEDICAL EQUIPMENT RECYCLING & LOAN SERVICES**

Upang makatanggap ng tulong sa mga kagamitan na maaaring kailanganin ng iyong anak. Para sa higit pang mga detalye, maaaring tumawag sa 604-709-6685 o mag-email sa [pbarrett@redcross.ca](mailto:pbarrett@redcross.ca)

### **EARLY INTERVENTION & PREVENTION - Public Health, Chilliwack, B.C.**

Speech language, patolohiya, awdyolodyi, nutryson at kalusugan ng ngipin. Mangyaring bisitahin ang <http://www.fraserhealth.ca/find-us/public-health-units/> o tumawag sa 1-604-702-4900 para sa karagdagang impormasyon.

### **FRASER VALLEY CHILD DEVELOPMENT CENTRE**

Nagsisilbi sa mga pamilya sa Abbotsford, Mission, Agassiz, Chilliwack, Pag-asa, Fraser Canyon, at ang mga nakapalibot na komunidad. Bisitahin ang [fvcdc.org](http://fvcdc.org)

### **LEISURE CARD ACCESS (PARKS AND RECREATIONAL CENTRES)**

Magtanong sa iyong lokal na *Recreation Centre*. Ang isang indibidwal na nangangailangan ng suporta, ay maaaring bumili ng tarhetang ito para mai-akses ng kanyang *support worker* ng walang bayad kapag sinamahan siya nito. Kung minsan, may "Moms and Tots" na programa sa paglangoy para sa mga bata sa edad na 6 hanggang 18 buwan.

### **PRESIDENT'S CHOICE**

Ang *President's Choice Children's Charity* ay nakatuon sa pagtulong sa mga bata na may kapansanan sa pisikal o sa pag-unlad. Suriin ang *website* para sa mga detalye. <http://www.presidentschoice.ca/LCLOnline/aboutUsCharity.jsp>

### **REACH CHILD AND YOUTH DEVELOPMENT SOCIETY**

Ito ay isang *non-profit society* na nagbibigay ng serbisyo sa mga bata at kanilang pamilya mula 1959. Pumunta sa [www.reachdevelopment.org](http://www.reachdevelopment.org)

### **TAX CREDITS MAY BENEFIT FAMILIES OF PEOPLE WITH DISABILITIES**

Mga gastos sa medikal, paglalakbay, paglipat ng bahay, bayad sa isang *group home*, terapiya, pagtuturo o mga aklat sa pakikipag-usap, pagbuo o pag-*renovate* ng mga tirahan, bayad sa karagdagang taga-pag-alaga, kredito sa buwis para sa tagapag-alaga at sa may kapansanan, mga bagong patakaran ng *disability tax*, mga gastos sa pangangalaga sa bata, tulong na pinansyal para sa pag-aalaga at *homeowner grant*. Para sa higit pang mga detalye tumawag sa 1-800-959-8281 o pumunta sa *web page* sa [www.cra.gc.ca/disability](http://www.cra.gc.ca/disability).

### **THE VANCOUVER SUN CHILDREN'S FUND**

Tumutulong sa mga bata at kabataan buong taon. Matatagpuan ito sa Suite 1, 200 Granville St, Vancouver, B.C. 604-605-2426.

### **CAR SEAT INFORMATION:**

Para sa pangunahing impormasyon– <https://www.tc.gc.ca/en/services/road/child-car-seat-safety.html>

**BREASTFEEDING INFORMATION:**

Para sa impormasyon para sa pagpapasuso – <https://cdss.ca/wp-content/uploads/2016/05/CDSS-Breastfeeding-a-Baby-With-Down-syndrome-ENGLISH.pdf>

**TOP TOYS FOR BABIES WITH DOWN SYNDROME:**

Para sa impormasyon sa nangungunang mga laruan para sa mga batang ipinanganak na may *Down Syndrome* pumunta sa – <https://www.parents.com/baby/health/down-syndrome/toys-for-babies-with-down-syndrome/>

Para sa karagdagang mga mapagkukunan para sa edad na 2+, makipag-ugnay sa *Lower Mainland Down Syndrome Society (LMDSS)*.